

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-3 ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 01 DECEMBER 1998, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN .

Mga Dumalo:

|                                  |                 |
|----------------------------------|-----------------|
| Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr. | - Tagapangulo   |
| Konsehal Jesus S. Dela Cruz      |                 |
| Konsehal Cesar T. Baticos        |                 |
| Konsehal Ramil O. Dimapilis      |                 |
| Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.   |                 |
| Konsehal Eduardo K. Soriano      |                 |
| Konsehal Juan S. Advincula       |                 |
| Konsehal Angeles D. Bautista     |                 |
| Konsehal Mae Arlene M. Talens    |                 |
| Konsehal Eduardo G. Villamin     | - ABC President |
| Konsehal Randy P. Valencia       | - SK Chairman   |

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 076  
Taong 1998

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. RONALDO V. PUNO, PANGALAWANG KALIHIM, KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL SA MADALIANG PAGPAPALIT KAY COLONEL NARCISO SALAZAR COMIA, HEPE NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO DAHIL SA KANYANG KAWALANG-KAKAYAHANG MAPATIGIL ANG MGA ILIGAL NA GAWAIN SA BAYANG ITO PARTIKULAR NA ANG JUETENG.

SAPAGKA'T, ang mga ilegal na gawain partikular na ang jueteng ay tahasang kinukundena ng mga mamamayan ng bayang ito bilang isang masamang impluwensya at sakit ng lipunan;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay laganap na naman ang ganitong ilegal na gawain dito sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na lalong nagpapahirap sa mga mamamayang nagbabakasakali sa dagli at iglap na pagkakaroon ng salapi na ang epekto ay higit pang kahirapan at pagsuong sa mga gawaing sumisira sa pagkatao, pagpapahalaga at prinsipyo sa buhay ng mga taong nalululong dito;

SAPAGKA'T, sa maraming panahon at pagkakataon ang mga problema sa ilegal na gawaing ito ay idinulog na sa pakikipag-usap sa mga kinauukulang awtoridad - sa pulong ng Peace and Order Council, sa Sangguniang Bayan, sa mga diyalogo

at pakikipag-usap sa mga pinuno ng mga pamayanan at sa iba't ibang sektor, sa himpilan ng pulisya at tuwina, ito ay bumabalik sa mga taong may kapangyarihang magpatigil at umaresto sa mga nagpapasimuno o nagpapakalat ng iligal na gawaing ito;

SAPAGKA'T, ang mga pinuno ng Pamahalaang Bayang ito, tuwina ay nakikipag-usap sa nagiging Hepe ng Pulisya ng bayan para sa pagpapatigil ng mga iligal na gawain tulad ng jueteng subali't sa pana-panahon nagiging ningas-kugon lamang at panandalian ang solusyon kung saan ang batas ay ginagawang katatawanan lamang ng mga taong lulong sa iligal na gawain;

SAPAGKA'T, sa panahon ng OIC Hepe ng Pulisya, Rizalino Leocadio, Jr. naging masigasig ang kampanya laban sa jueteng, nakapanghuli ng mga kubrador kaya't ang mga namamahala at nagpapatakbo ng iligal na gawaing ito ay nagkaroon ng pag-aagam-agam na magpatuloy pa;

SAPAGKA'T, nang ipalit si Colonel Narciso Salazar Comia bilang Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro, iilang araw pa lang siya sa tungkulin ay naging aktibong muli ang jueteng at sa halip na isa ay naging tatlo pa ang opereytor nito;

✓ SAPAGKA'T, ang layunin ng ating pamahalaan mula sa <sup>(nasional)</sup> Pangulo ng Pilipinas hanggang sa pinakamaliit na yunit ng pamahalaang bayan ay ang maging malinis at ligtas sa mga iligal na sugal at iba pang gawain ang mga pamayanan upang ang mga mamamayan ay makapamuhay nang mapayapa, maayos at maunlad sa pagtutulongan ng mga namumuno at pinamumunuan;

SAPAGKA'T, kung ang inaasahang magpapatupad ng batas laban sa mga iligal tulad ng jueteng ay walang kakayahang maipatupad ito, dapat lamang na magkaroon ng pagbabago at sa temang ito, ng madaliang pagpapalit ng kasalukuyang Hepe ng Pulisya, Col. Narciso Salazar Comia sa higit na karapat-dapat at tapat sa tungkulin at sa mga mamamayan;

SAPAGKA'T, napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at ng pamunuan ng bayang ito sa kahilingan na rin at karaingan ng mga mamamayan na iparating sa mga kinauukulan at mapitagang hilingin sa Kgg. Ronaldo V. Puno, Pangalawang Kalihim ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ng madaliang pagpapalit kay Colonel Narciso Salazar Comia, Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro dahil sa kawalang-kakayahang mapatigil ang mga iligal na gawain sa bayang ito lalong-lalo na ang jueteng.

DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng buong Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. Ronaldo V. Puno, Pangalawang Kalihim, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, A. Francisco Gold Condominium II, EDSA cor. Mapagmahal Street, Diliman, Quezon City sa madaliang pagpapalit kay Colonel Narciso Salazar Comia, Hepe ng Pulisya ng bayang ito dahil sa kawalang-kakayahang masugpo ang jueteng

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*

na kumakatawan sa kanyang maikling panahong pagiging hepe ay lalo pang naging aktibo at lumaganap sa bayan ng Roxas at mga karatig-bayan.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ang Kgg. Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Pilipinas, sa kanyang kapasidad bilang Kalihim ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, ang Regional Director ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Region IV, Police Superintendent Romeo Adduru ng Silangang Mindoro at Kgg. Rodolfo G. Valencia, Gobernador ng Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at karampatang aksyon.

Pinagtibay: 01 Disyembre 1998


PINATUTUNAYANG WASTO:

  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian


PINATITIBAYAN:

  
GONZALO C. SIÑEL, JR.  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Punong Bayan

merz/

Received:   
12/07/98